ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 13
Hulyo 7, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Magpunyagi sa paglaban sa pahirap, pasista at papet na rehimeng Marcos

Sa katapusan ng buwan, tatayo si Ferdinand Marcos Jr sa harap ng Kongreso upang muling bilugin ang ulo ng taumbayan tungkol sa mga "nagawa" niya sa nagdaang tatlong taon. Napakahaba ng inilulubid niyang kasinungalingan pero hindi niya mapagtatakpan ang walang katapusang pasakit na dinaranas ng sambayanan sa ilalim ng kanyang paghahari. Walang tigil ang pagbulusok ng antas ng pamumuhay ng mayorya ng sambayanan. Walang kapantay ang korapsyon ng pamilyang Marcos. Bulag ang pagsunod niya sa dikta ng among imperyalistang US. Papasidhi ang pampulitikang panunupil laban sa mamamayang tumitindig at lumalaban.

Hatid ni Marcos ay lalong pagdurusa sa karaniwang mamamayan. Pasanin pa rin ng taumbayan ang mataas na presyo ng bigas, na hindi mapagtakpan ng pakitang-taong palabas ni Marcos. Kasabwat si Marcos ng mga kumpanya sa langis sa pagsirit ng presyo ng *diesel* at gasolina. Sa kabila ng malawak na panawagan, sinagkaan ng Malacañang ang panukalang ₱200 dagdag sa arawang sahod ng mga manggagawa, at sa halip, dagdag pang buwis ang ipinataw sa balikat ng taumbayan. Kaliwa't kanan ang tanggalan sa trabaho, malawakan ang disempleyo, laksa-laksang libo ang nagpupwersang maghanapbuhay sa ibang bansa, habang daan-daan libong mahihirap ang pinalalayas sa kanilang paninirahan, at walang habas na inaagawan ng lupa, pangisdaan at mga pinagkukunan ng kabuhayan.

Ipinatutupad niya ang mga patakaran at programa na lalong nagpapabundat sa mga dayuhang malalaking kapitalista, at mga kasabwat na malalaking burgesyang komprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista. Kaliwa't kanan ang pangungutang ni Marcos na hindi naman napakikinabangan ng bayan, kundi napupunta lamang sa pampasiklab na mga proyektong pang-imprastrukturang pinagkukunan ng kikbak ni Marcos at mga korap niyang upisyal. Daan-daan bilyong pisong nakaw na yaman ng mga Marcos ang naibalik sa kanilang kontrol, habang daan-daang bilyong piso ang kinakamkam sa anyo ng Maharlika Investment Fund, *confidential* at *intelligence funds* ni Marcos, at winawaldas sa sobra-sobrang gastos sa militar, sa kapinsalaan ng kinakailangang mga serbisyong panlipunan.

Katulad sa nakaraang mga rehimen, pinapaburan ni Marcos ang malalaking kapitalistang dayuhan at lokal para makapagkamal sila ng maksimum na tubo. Pinapako ni Marcos ang sahod ng mga manggagawa habang kinakaltasan ng buwis ang mga kapitalista. Binigyang-daan niya ang dayuhang pagmamay-ari sa lupa sa Pilipinas (sa tabing ng batas na nagpapahintulot sa 99 na taon pag-"upa"), at inaalis ang mga regulasyong pangkalikasan upang walang sagkang dambungin at wasakin ang likas na yaman ng bansa.

Binibigyan sila ni Marcos ng armadong proteksyon ng militar at pulis, na ginagamit sa pagsupil sa mamamayang nagtatanggol sa kanilang lupa at kabuhayan. Sa kalunsuran, pinupuntirya ng mga pasistang



galamay ng reaksyunaryong estado ang mga manggagawang nag-uunyon at tumitindig para ipaglaban ang kanilang mga kahingiang dagdag na sahod. Ginagamit ni Marcos ang NTF-Elcac at ang "Anti-Terrorism Law" sa pagsupil sa mga karapatan ng mga manggagawa, mala-manggagawa, kabataang-estudyante, mangingisda, kababaihan at iba pang demokratikong sektor upang pigilan silang mag-organisa at lumahok sa kilusan para sa panlipunang pagbabago.

Sa kanayunan, lantaran ang terorismo ng estado sa pagpapataw ng batas militar sa mga barangay at komunidad, na sinasabi ng NTF-Elcac na sumusuporta sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Kaliwa't kanan ang ekstrahudisyal na pamamaslang, paninindak, paghahalughog sa mga bahayan, iligal na pag-aresto, "pagpapasurender," walang patumanggang pagpapaputok ng baril, panganganyon at paghuhulog ng bomba sa mga bukid at bundok malapit sa mga komunidad. Bata man o matatanda, walang pinipiling biktima ang brutalidad ng mga pasistang tauhan ni Marcos. Pinakamalupit ang panunupil ng rehimeng Marcos sa mga liblib na baryo at sityo ng mga magsasaka at katutubong mamamayan, na inaagawan ng lupa ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina, mga plantasyon, proyektong pang-enerhiya at eko-turismo.

Ginagamit ni Marcos ang karatula ng "kapayapaan" para tabingan ang gera ng pagsupil nito sa makabayan at demokratikong kilusan ng mamamayang Pilipino. Ito ang hangad ng mga imperyalista at naghaharing uri na "kapayapaan" na nakabusal ang mga api at pinagsasamantalahan. Hindi ito ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaang hangad ng sambayanan, na matatamo lamang sa pamamagitan ng pagtugon sa kanilang saligang mga kahingian para sa libreng pamamahagi ng lupa, pambansang industriyalisasyon, tunay na kalayaan at demokrasya.

Sa tulak ng among imperyalista, ipinag-utos ni Marcos na paigtingin ang gera para diumano gupuin ang Bagong Hukbong Bayan. Todo todo ang pakikipagkuntsabahan ni Marcos at ng AFP sa pwersang militar ng US sa pagpupwesto nito ng mga tropa, sasakyan at sandatang militar sa Pilipinas, at sa paglulunsad ng sunud-sunod na mga pagsasanay sa gera na umaasinta sa China. Sa halip na bigyang-daan ang mapayapang dayalogo sa China, pinaiinit nang pinaiinit ng rehimeng Marcos ang armadong tensyon sa South China Sea.

Walang maaasahan ang sambayanang Pilipino sa pahirap, pasista, at papet na rehimeng Marcos. Habang nakaluklok si Marcos sa Malacañang, gagamitin niya ang kanyang poder para lalong dambungin ang kabang yaman ng bayan, palawigin ang kanyang kapangyarihan, at makipagbalyahan sa kanyang mga karibal sa pulitika. Walang ibang masusulingan ang sambayanan kundi ang tumindig at labanan ang rehimeng US-Marcos.

Dapat palawakin at patatagin ng sambayanan ang kanilang organisadong lakas. Sa kalunsuran, dapat ubos-kayang buklurin ang mga manggagawa, mala-manggagawa at mga kabataan-estudyante, bilang salalayan ng lakas ng iba pang mga demokratikong sektor. Dapat pasiglahin ang mga demokratiko at anti-imperyalistang pakikibakang masa sa mga pabrika, komunidad at mga paaralan.

Sa kanayunan, dapat palakasin at palawakin ang hukbong bayan at ang mga sangay at komiteng seksyon ng Partido upang ubos-kayang buuin o itayong muli ang mga samahang magsasaka upang magtanggol laban sa pasismo, at para isulong ang mga pakikibakang laban sa mga pyudal at malapyudal na pagsasamantala, at palakasin ang sigaw para sa tunay na reporma sa lupa. Dapat pasiglahin ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at espesyal na operasyon upang parusahan ang pinakapusakal na pasista at tupdin ang hinihinging katarungan ng mamamayan.

Walang ibang marapat na tugon ang sambayanang Pilipino kundi ang pagpapasigla ng kilusang masa at armadong pakikibaka para labanan ang pang-aapi at panunupil ng rehimeng US-Marcos. Sa walang sawang pagpupunyagi sa landas ng paglaban, tiyak na mapananagot si Marcos at haharapin ang paghuhusga ng buong sambayanan. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 13 | Hulyo 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Magpunyagi sa paglaban sa pahirap, pasista at papet na rehimeng Marcos 1
Kilusang pagwawasto sa Southern Tagalog 3
Planong pabrika ng bala ng US, tinutulan 4
Mapangwasak na kwari, pinaralisa ng BHB 4
Mga protesta 4
Proyektong SCMB Railway at LEC para sa US 5
Militanteng simulain ng Pride March sa Pilipinas 6
Sa madaling salita 7
Pabigat na buwis sa mamamayan 8
Malapyudal na pang-aapi sa mga magsasaka 9
Pagpaslang sa mga sibilyan at *hors de combat* 10
Tunay na kapayapaan, ipinanawagan 10
Kilos protesta sa Kenya, marahas na binuwag 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Koresponsal

Kilusang pagwawasto sa Southern Tagalog: Isapuso ang teorya, matuto sa sariling praktika

Sa gitna ng walang patlang na mga operasyong militar mula 2024, matagumpay na inilunsad sa isang larangang gerilya sa Southern Tagalog ang isang kumperensya sa gawaing masa at gawaing militar. Pangunahing layunin ng pagtitipon ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang maglagom at magbahaginan ng mga karanasan upang mas mahusay na maharap ang tumitinding kampanyang pandudurog ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa subrehiyon. Kalahok dito ang magkahalong matatanda, panggitna at nakababatang kadre. Lampas kalahati ng kalahok ay kabataan.

Mag-aral, magwasto, sumulong

Binuksan ang kumperensya ng pag-aaral sa dalawang kasong aralin sa gawaing masa. Halaw ang mga ito sa karanasan ng dalawang yunit ng Hukbo sa humigit kumulang isang taon. Mayor na puntong pinagtalakayan ang manera ng mga yunit sa gawaing masa: ang pagbalanse sa gawaing pagpapalawak at pagpapalalim, at ang tagal ng paghimpil ng mga yunit at lapit ng mga ito sa mga lugar kung saan may konsentrasyon ng masa. Matalas na tinukoy ang konserbatismo sa gawaing masa at pamamaborito sa mga base na iwinawasto ngayon.

Tinukoy ang susing papel ng gawaing edukasyon, propaganda, kultura at gawaing medikal sa epektibo at tumatagos na gawaing masa. Isang mahusay na halimbawa nito ang pagbuo ng isang iskwad ng praymer sa isang bayan na nagtatalakay sa kasalukuyang sitwasyon at suliranin ng masa pati na ang mayamang rebolusyonaryong kasaysayan ng bayan mula sa panlipunang pagsisiyasat. Epektibong nagamit ang praymer para buklurin ang masa at itayo ang mga grupo at balangay ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa nasabing bayan.

Ipinunto rin ang kahalagahan ng paglahok ng Hukbo sa produksyon ng masa at pagbibigay sa kanila ng serbisyong medikal sa gawaing masa. Sa mga positibo at negatibong karanasan na inilahad, tumampok ang mapagpasyang papel ng wastong pamumuno ng Partido at ang matibay na pagkakaisa upang maiabante ng Hukbo ang gawaing masa sa kabila ng mga balakid, kahirapan at nagbabago-bagong sitwasyon. Matapos ang paglalahad ng mga kasong aralin, nirebyu ang "Mga Batayang Prinsipyo sa Gawaing Masa sa Kanayunan."

Sunod na inilahad at pinagtalakayan ang mga kasong aralin kapwa ng matagumpay at bigong taktikal na opensiba pati ang ilang mga depensibang labanan. Pinatampok sa mga kasong aralin ang kahalagahan ng gawaing paniktik at pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa para sa gawaing ito.

Gaya sa gawaing masa, matingkad sa mga kasong aralin ang pangangailangan sa absolutong pamumuno ng Partido sa Hukbo upang pahigpitin ang pagkakaisa anumang sitwasyon ang kaharapin. Kung wala ang gayong pamumuno ng Partido, hindi magagawa ang mahusay na pagtatanggol laban sa kaaway at pagdurog dito na siyang pangunahing tungkulin ng Hukbo. Matapos ay pinag-aralan ang "Mga Usapin sa Estratehiya sa Rebolusyonaryong Digma ng China" ni Mao Zedong.



Sa ubod ng paglalagom ng mga karanasan sa gawaing masa at militar at pagbabalik-aral sa teorya hinggil dito ay ang pagsapol at pagpapalalim ng mga kadre sa kanilang pag-unawa sa mga batayang prinsipyo ng pakikidigmang gerilya sa yugto ng estratehikong depensiba at sa kalagayang nagpapanibagong-lakas ang BHB mula sa pag-atras na ibinunga ng mga panloob na kahinaan at sa pagharap sa atake ng kaaway.

Naglunsad ng kapehan sa ilang sesyon sa gabi kung saan ibinahagi ang karanasan sa pagpapasampa ng kabataang magsasaka, katutubo at kabataang-intelektwal. Nagbigay ito ng mga gintong aral at inspirasyon kung paanong pasiglahin ang pagpapasampa sa BHB at kung paano patatagin at pahusayin ang mga Pulang mandirigma sa gitna ng pukpukang pakikipaglaban sa kaaway.

Upang ugatin sa ideolohiya ang mga kahinaan at suliranin, pinag-aralan din ang "Espesyal na Kurso sa Empirisismo" at "Hinggil sa Praktika" ni Mao. Nilayon nitong epektibong tudlain ang empirisistang tendensya ng pag-iisip at paggawa na ipinakita sa mga kasong aralin. Partikular na mukha nito ang pagpapakasapat sa hiwa-hiwalay na datos hinggil sa kalagayan at kabuhayan ng masa, mababaw na pag-alam sa rebolusyonaryong kasaysayan ng

Sundan sa pahina 4

Planong pabrika ng bala ng US, tuluy-tuloy na *war games*, tinutulan

NAGPAHAYAG NG PAGTUTOL at pangamba ang iba't ibang grupo laban sa panukala sa Kongreso ng US na magtayo ng pabrika ng bala sa Subic Bay, Zambales. Anila, banta ang planong ito sa pambansang seguridad at makaaapekto sa kabuhayan ng mga mangingisda sa Zambales.

Lumitaw ang planong pagtatayo ng pabrika sa isang ulat ng US House Committee on Appropriations na isinapubliko noong Hunyo 24.

"Sa kasaysayan, hindi ang lupain ng US ang nagiging direktang target ng mga katunggali nitong bansa, kundi ang mga base militar at mga satelayt na base nito sa ibang lugar," anang Pamalakaya.

Binatikos naman ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang inilunsad ng US na Operation Lightning Strike *war games* noong Hunyo 30 sa Palayan City, Nueva Ecija sa ilalim ng Salaknib Phase 2. Pinasabog sa *war games* na ito ang dalawang High Mobility Artillery Rocket System (HIMARS) at gumamit ng apat na Apache *attack helicopter*.

Anang grupo, mapanganib ang mga *war games* na ito sa mga komunidad ng magsasaka, lalo na ang *live-fire missile test*. Naniniwala ang KMP na hindi ito para sa depensa o kapayapaan kundi bahagi ng paghahanda ng US para sa gera.

Samantala, nagmartsa sa Sydney sa Australia ang mga Pilipino at Australian noong Hunyo 22 bilang pagbatikos sa inilunsad na Pilipinas-Australia Kasangga *war games*. Dalawang beses kada taon na inilunsad simula 2023 ang Kasangga kung saan malayang nakapapasok ang mga tropang Australian sa teritoryo ng Pilipinas.

Mula sa pahina 3

mga erya at hilaw na paniktik. Malinaw sa karanasan ng larangan na ang hindi pagkumpleto at kakulangan sa pagbubuo sa panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri ay nagbubunga sa mga hindi angkop na patakaran at programa sa pulitika at mga planong militar.

Sa pagtatapos ng kumperensya, hiningan ang mga kalahok ng kanilang mga repleksyon. Ayon kay Ka Lima, "Kailangan itakwil ang suhetibismo't indibidwalismo sa bawat himaymay ng pagkatao natin, ang arogansya, ang pagiging kampante sa lahat ng aspeto. Napakadali sa salita, pero hamon talaga sa aktwal. Baguhin natin ang paraan ng pag-iisip para maging matalino ang ating pagsusuri sa mga bagay at maging tumpak ang mga hakbangin natin sa paglutas sa mga suliranin."

"Lumaban upang magpalakas! Magpalakas habang lumalaban!" Ito ang panawagan ng kilusang pagwawasto sa mga rebolusyonaryo sa Southern Tagalog.

Sa kabila ng kakaharaping sitwasyong militar, mataas ang diwa ng mga Pulang kumander, giyang pampulitika at mandirigma nang maghiwa-hiwalay ang mga yunit para sa mga panibagong gawaing itinakda ng kumperensya. Malinaw ang hamon para sa Partido at Hukbo sa kasalukuyang kritikal na yugto ng rebolusyonaryong kilusan: Balikatin ang paparami at papalaking mga gawain at sakripisyo nang may di nagmamaliw na diwa ng paglilingkod sa sambayanan at tiwala sa kawastuhan at pagtatagumpay ng rebolusyon. AB

Mapangwasak na kwari, pinaralisa ng BHB-Negros

PINARALISA AT SINUNOG ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-South Central Negros (Romeo Nanta Command) ang dalawang *dump truck* at isang *backhoe* na ginagamit sa mapangwasak na operasyong kwari sa Sityo Medel, Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental noong Hulyo 4. Umabot sa ₱11 milyon ang danyos sa operasyon.

Ipinatupad ito ng BHB bilang pagprotekta sa komunidad at kalikasan dahil matagal nang namemerwisyo ang kwari. Dahil sa kwari, naapektuhan ang mga sakahan at kabuhayan ng mga residenteng nakasalalay sa ilog.



Pagkilos sa ika-3 taon ni Marcos. Nagmartsa noong Hunyo 30 patungong Mendiola sa Maynila ang mga pambansa-demokratikong organisasyon para batikusin at singilin ang rehimeng Marcos sa okasyon ng ikatlong taon nito sa poder. Binatikos nila ang pagpapakatuta ng rehimen sa imperyalismong US, pahirap na mga patakaran, pasistang panunupil at inutil na mga patakaran. Katulad na protesta ang inilunsad sa Baguio City at Iloilo City.

Piket kontra tanggalan sa SkyCable. Nagpiket ang SkyCable Supervisors, Professionals/Technical Employees Union (SSPTEU) noong Hunyo 24 sa tapat ng kumpanya sa Quezon City para tutulan ang tanggalan sa SkyCable Corporation. Hindi bababa sa 133 myembro ng unyon ang posibleng sisantehin, liban pa sa mga manggagawang hindi kasapi ng unyon.

Pagtutol sa demolisyon sa mga *floating house* sa Cavite. Nagprotesta ang mga mangingisdang kasapi ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) sa baybay ng Bacoor City noong Huyo 24 para tutulan ang bantang demolisyon sa kanilang mga bahay na nakatayo sa dagat. Tinatayang higit 100 pamilya ang mapalalayas sa demolisyon. Ang demolisyon ay kaugnay ng planong 420-ektaryang reklamasyon na proyekto ng Frabelle Fishing Corporation at ng lokal na gubyerno.

Proyektong SCMB Railway at LEC, magsisilbi sa interes ng imperyalismong US

Pinirmahan noong Hunyo 26 ng rehimeng Marcos at ng US Trade and Development Agency (USTDA), ang kasunduan para sa pagpapautang ng gubyernong US ng $3.8 milyon para sa paunang pananaliksik at pag-aaral sa proyektong Subic-Clark-Manila-Batangas (SCMB) Railway. Layunin ng proyekto na maglatag ng sistema ng riles para sa transportasyon ng mga kalakal para bawasan diumano ang pagsisiksikan sa daungan ng Maynila.


Sa habang 250 kilometro, pagdudugtungin ng SCMB Railway ang Subic at Clark, tagos sa National Capital Region hanggang sa daungan ng Batangas. Batay sa plano ng USTDA, magsisimula sa 2027-2028 ang konstruksyon ng bahagi ng Subic-Clark, at sa 2028-2029 ang konstruksyon ng bahagi ng Clark-Manila-Batangas. Target nitong simulan ang operasyon ng riles sa maagang bahagi ng 2030. Tinatayang aabutin ng $3.2 bilyon ang halaga ng buong proyekto.

Unang inilako ng rehimeng Duterte ang proyektong riles sa pagitan ng Subic at Clark sa gubyerno ng China noong 2016. Nangako ang China noong 2018 na popondohan ito subalit binawi ito noong 2022. Sa pag-upo ng rehimeng Marcos sa poder, muli itong binuhay at pinahaba hanggang Batangas sa udyok ng US.

Ipinailalim ang proyektong ito sa tinaguriang Luzon Economic Corridor (LEC), isang *trilateral* na programa sa pagitan ng US, Pilipinas, at Japan na naglalayong pabilisin ang pagtatambak ng kapital, tauhan at gamit sa anyo ng mga proyektong imprastruktura sa *renewable energy*, daungan, paliparan, tulay at daan. Ang LEC ang unang proyekto ng Partnership for Global Infrastructure and Investment ng US at susing bahagi ng estratehiya nito sa Indo-Pacific laban sa China, partikular kontra sa Belt and Road Initiative nito.

Liban sa SCMB Railway, ipinailalim rin sa LEC ang 27 iba pang proyektong imprasktrukura kabilang ang pagpapalawak ng Clark International Airport, Bataan-Cavite Interlink Bridge, Subic Bay (Redondo-Ilanin) Bridge, Central Luzon Link Expressway, North Luzon East Expressway, Laguna Lakeshore Road Network Development, Kalaanan Irrigation Project, North-South Commuter Railway, New Clark City Extension Railway at Southern Batangas Airport.

Ang SCMB Railway at iba pang imprastruktura ay itatayo para sa gamit ng mga dayuhang kumpanya, tulad ng mga kumpanyang Amerikano sa pagmamanupaktura at baterya na gustong makinabang sa mayayamang rekurso ng *nickel*, *cobalt*, *copper* at *bauxite* ng Pilipinas.



Target ng US, katuwang ang Japan at mga bansang NATO, na magtambak ng hanggang $100 bilyong kapital sa susunod na 10 taon. Kalakhan ng pondong ito ay maganyong utang at pribadong kapital, na ililigtas sa pagbubuwis at walang direktang ugnayan sa lokal na ekonomya.

Kasabay sa mga layunin nito sa ekonomya, ang SCMB Railway at ang ibang proyekto sa ilalim ng LEC ay may malinaw na layuning militar at heyopulitikal. Pagdudugtungin ng SCMB Railway at ng *network* ng mga tulay at daan ang malalaking "EDCA site" o mga base militar ng US sa Luzon, at padudulasin ang paglilipat-lipat ng mga sandata, tauhan at sasakyang militar sa mga ito. Padudulasin din nito ang transportasyong militar sa iba pang bahagi ng Luzon. Samantala, ang pagpapalapad sa paliparan sa Clark ay magsisilbi sa mga eroplanong pandigma ng US, na ngayon ay may malalawak nang *hangar* at paradahan sa katabing Basa International Airport.

Lalong malinaw ang layuning militar ng LEC sa kamakailang anunsyo ng Kongreso ng US na planong pagtatayo ng pabrika ng bala sa loob ng Subic. Bago nito, umupa na ng malaking bodega ang US sa Subic para ipwesto ang gamit-militar na kunwa'y bahagi ng paghahanda sa mga sakuna.

Lampas sa Pilipinas, bahagi ang LEC sa mas malawak na estratehiya ng US para pigilan ang lumalawak na impluwensya ng China sa Southeast Asia. Bagamat nananatiling dominante ang pamumuhunan ng US sa rehiyon, maraming bansa dito ang mas tumatangkilik sa pamumuhunan ng China para sa malalaking proyekto sa imprastruktura, pagmamanupaktura at pagmimina, at sa gayon ay hindi nagsasara sa heyopulitikal na mga layunin nito. Hindi katulad ng Pilipinas, umiiwas ang mga bansa sa ASEAN na matali sa ekslusibong alyansang militar sa US. AB

Yakapin ang militanteng simulain ng Pride March sa Pilipinas



Iwinawagayway ang mga bandilang bahaghari at taas-kamaong nagmartsa ang daan-daan myembro ng sektor ng LGBTQ+, mga alyado at progresibong grupo noong Hunyo 26 sa Stonewall Philippines Pride March na ginanap sa Recto Avenue, Maynila. Nakipaggitgitan sila sa mga pulis para igiit ang paglulunsad ng programa sa Mendiola.

Sa pangunguna ng pambansa-demokratikong grupo ng mga LGBTQ+ na Bahaghari, binuo ng mga pormasyong Pride (nagdiriwang sa buwan ng Pride) ang Stonewall Philippines. Pormal na idineklara ng bagong samahan ang taun-taong pamumuno sa militanteng mga aktibidad at martsa para sa Pride tuwing Hunyo.

Pagsaludo at pagsasabuhay ang Stonewall Philippines sa kauna-unahang Pride March sa Pilipinas at maging sa Asia—ang Stonewall Manila na inilunsad noong Hunyo 26, 1994 sa Quezon City. Pinangunahan ang militanteng martsa at mitsa ng ilang dekadang pakikibaka ng LGBTQ+ ng Progressive Organization of Gays in the Philippines (ProGay), katuwang ang Metropolitan Community Church (MCC).

Kasabay ng panawagan laban sa diskriminasyon sa LGBTQ+ at pagtataguyod sa mga karapatan ng sektor, tumindig sila noon laban sa pahirap na Value Added Tax (VAT), pagtaas ng presyo ng langis at bilihin at inilantad ang mga anti-mamamayang patakaran ng noo'y rehimeng US-Ramos.

Tatlumpu't isang taon ang nakalipas, ipinapanawagan ngayon ng sektor ang pagsasabatas sa SOGIE Bill, nakabubuhay na sahod, trabaho, tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, at independyenteng patakarang panlabas, kalayaan para sa Palestine at mga bansang inaapi ng US. Pinagpugayan nila ang mga martir ng sektor ng LGBTQ+ na nagsilbing mga organisador at aktibista tulad nila Alex Dolorosa, Chad Booc, Ryan Hubilla, Ali Macalintal at marami pang iba.

Lumahok sa pambansa demokratikong rebolusyon

Nagpahayag ng pakikiisa at pagpupugay ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka) sa sektor ng LGBTQ+ sa pagdiriwang ng Pride noong Hunyo. Hinimok ng grupo ang sektor na makipagkaisa at direktang lumahok sa pambansa-demokratikong rebolusyon na tunay at tuluyang hahawan ng landas para sa ganap na paglaya ng LGBTQ+ kasama ang mamamayang api't pinagsasamantalahan.

Kaugnay nito, nagbabala ang grupo na maging mapagbantay sa pananabotahe at panlalansi ng imperyalismo at lahat ng reaksyon sa pakikibaka ng LGBTQ+ at pagdiriwang sa buwan ng Pride. Anang Makibaka, nilalabusaw ng imperyalismo ang pagdiriwang para ilayo ang LGBTQ+ sa pakikibaka laban sa diskriminasyon, at pambansang pang-aapi at pagsasamantala.

Sinasamantala ng malalaking korporasyon at mga pulitiko ang pagdiriwang sa Pride. Habang ipinatutupad ng mga ito at ng imperyalistang US ang mala-pyestang Pride, patuloy ang pagpapanatili ng mga batas at pakataran sa ekonomya at pulitika na lalong nagbabaon sa mga LGBTQ+ mula sa masang anakpawis sa kumunoy ng kawalan ng hanapbuhay o disenteng trabaho at nagtutulak sa kanila sa mga anti-sosyal na mga aktibidad upang mabuhay.

Isang manipestasyon nito ang "rainbow washing" o "rainbow capitalism." Nangangahulugan ito ng paggamit sa mga simbolo at wika ng sektor ng LGBTQ+ para kumita ng mas malaki ang mga korporasyon.

Nanawagan rin ang grupo na maging kritikal ang Pilipinong mga LGBTQ+ sa pangkulturang opensiba ng imperyalistang US sa kaisipan at gawi ng masa. Ipinalalaganap ng imperyalismo ang burges-dekadenteng kultura tulad ng maling pamantayan ng kagandahan at iba pang pamantayan ng pagiging LGBTQ+. Itinatampok rin nito ang indibidwalismo at *hypersexuality*.

Sa harap ng mga tangkang ito ng imperyalismo, hinamon ng Makibaka ang mga nasa sektor ng LGBTQ+ na bagtasin ang landas ng walang pag-iimbot na pag-aalay ng panahon at buhay para sa pambansa demokratikong rebolusyon, lagpas sa kanilang mga sarili.

Dapat tularan ang halimbawa ng mga namartir na Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan kabilang sina Val Mante (Ka Richard), Daniel Imperial, Wanda Gumban (Ka Waquin), Kevin Castro (Ka Facio), Jo Lapira (Ka Ella), Ciela Pacaldo (Ka Alena), Jethro Isaac Ferrer (Ka Pascual), Kal Peralta (Ka Rekka), Queenie Daraman (Ka Kira), Dee Supelanas (Ka Dahlia), at marami pang iba. Dapat pagpugayan ang pag-aalay nila ng lakas, talino, katapangan at buhay para sa masa at iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain. AB

SA MADALING SALITA



6

na buwang di makatarungang ikinulong si **Tay Pruding** (Prudencio Calubid Jr) sa kabila ng naghuhumiyaw na ebidensyang hindi siya si Prudencio Calubid, konsultant sa usapang pangkapayapaan ng NDFP, na biktima ng sapilitang pagkawala ng estado noon pang 2006.



33%

sa *corals* sa **Paradise Reef** ang namatay dahil sa konstruksyon ng Samal Island-Davao City Bridge.

5 taon ng pasistang Anti-Terror Law

227 na ang ginipit, **34** ang ikinategoryang "terorista," **193** kinasuhan, at **30** ang ikinulong sa ilalim nito. **Anim** sa mga kaso ang ibinasura.

₱50 **lamang ang dagdag-sahod**

na inaprubahan ng NCR *wage board* ngayong taon, katumbas lamang ng 0.4% sa gastos ng mga kapitalista, at wala pang 2.5% ng kanilang kita. **Ang dagdag na ito ay kulang ng ₱576 para abutin ang nakabubuhay na sahod.**

27% ↑

lamang ng kabuuang itinaas sa presyo ng gasolina at 37% lamang para sa *diesel* ang inirolbak mula sa 11 ulit na pagtaas nito ng mga kumpanya sa langis mula Enero 1 hanggang Mayo 25, 2025.

20% ↓

ibinagsak ng huli ng isda sa buong bansa noong Mayo dahil sa masungit na panahon.



31%

itinaas ng utang ng Pilipinas, mula ₱12.8T tungong ₱16.92T, sa 3-taong panunungkulan ng rehimen Marcos.

12 ARAW

ang itinagal ng agresyon ng US at Israel laban sa Iran, kung saan binomba ng US ang tatlong mahahalagang pasilidad nukleyar para sa pananaliksik ng Iran gamit ang 30,000-libras na mga bomba.

Pabigat na buwis sa mamamayan, pagaan naman sa mga dayuhan



Sa nagdaang mga dekada, pabigat nang pabigat ang patung-patong na buwis na ipinapapasan sa mamamayang Pilipino, na lalong naglugmok sa kanila sa kumunoy ng kahirapan. Sa kabilang banda, pagaan nang pagaan ang buwis na sinisingil sa pinakamalalaking burgesya komprador at mga dayuhan at lokal na kumpanya, na lalong nagpapalaki sa kinakamkam nilang tubo.

Ilang dekada nang iniinda ng mamamayan ang Value Added Tax (VAT) sa pinakabatayang mga produktong pagkain at serbisyo, na sa una'y 10% ngunit kalauna'y naging 12%. Noong 2016, umabot sa ₱622 bilyon ang nakolektang VAT na lalupang lumaki sa sumunod na mga taon. Noong 2013, tinatayang binubuo nito ang 18.9% ng kabuaang rebenyu ng gubyerno, mula sa mababang 7.9% noong 1989. Mas lalong bumigat ang pasanin ng mamamayan nang ipinatupad ang TRAIN Law na nagpataw ng dagdag na *excise tax* sa mga produktong petrolyo, sigarilyo, alak, matatamis na inumin at iba pa.

Noong Hunyo, dinagdagan pa ni Marcos ang pasanin ng taumbayan sa pagsasabatas ng Digital Services Tax na nagpataw ng 12% na VAT sa mga serbisyo na dumadaan sa internet. Sinaklaw ng bagong batas ang mga *online shopping platform* tulad ng Shopee at Lazada, mga *website* para sa mga naghahanap ng *freelance* na trabaho tulad ng Fiver at Upwork, at *streaming platform* tulad ng Netflix at Spotify. Papasanin ang buwis ng karaniwang *content creator*, *online seller*, *freelancer*, at mamimili. Tinatayang tatabo ang rehimeng US-Marcos ng ₱105 bilyon sa susunod na limang taon mula rito.

Bago nito, inobliga ang mga manininda sa mga *online shopping platform* na magparehistro sa Bureau of Internal Revenue (BIR) at magbayad ng 1% buwis mula sa kanilang kabuuang kita. Isusunod pa ng rehimen Marcos ang buwis sa mga *single-use* o isahang gamit na mga plastik at buwis para sa mga gumagamit ng motorsiklo.

Sa kabilang banda, mas lalong lumaki ang kita ng malalaking lokal at dayuhang kumpanya dahil sa mas pinababang buwis na sinisingil sa ilalim ng CREATE MORE Law. Tatlo pang batas ang ipinasa noong 2024 na lalong nagbawas sa buwis ng burgesya komprador at malalaking lokal at dayuhang kumpanya. Ang mga ito ang Ease of Paying Taxes Act, Real Property Valuation and Assessment Reform Act, Capital Markets Efficiency Promotion Act, na lahat bahagi ng Comprehensive Tax Reform Program na ipinatupad noong panahon ng rehimeng Duterte at ipinagpatuloy ng rehimeng US-Marcos.

Pinaboran ng mga batas na ito ang mga negosyante sa pamamagitan ng mas simpleng sistema ng pagbabayad ng buwis, pagbawas ng buwis sa kita, pagbawas ng multa sa hindi nakapagbayad sa tamang oras, pagbaba ng buwis sa pagbili at pagbenta ng mga sosyo at pagbigay ng mga insentibo tulad ng *tax holiday*, libre o mababang singil sa kuryente, mababang buwis sa lupa, amnestiya sa pagbabayad ng buwis at iba pa.

Aabot sa ₱5.9 bilyong buwis sa loob ng tatlong taon ang bawas sa koleksyon ng reaksyunaryong estado sa CREATE MORE Law pa lamang. Sa ilalim ng naunang CREATE Law, umabot sa ₱476.8 bilyon ang ibinawas sa buwis sa malalaking negosyante sa unang limang taon pa lamang.

Tinatawag na regresibo o paatras ang sistema ng pagpataw ng matataas na buwis tulad ng VAT at *excise tax* sa mga produkto at serbisyong binibili o ginagamit ng mamamayan. Ang mga buwis na ito ay unang ipinataw sa dikta ng World Bank (WB) sa mga atrasadong bansa tulad ng Pilipinas para matiyak na sapat ang nakukolektang kita ng bansa at mababayaran nito ang mga dayuhang utang. Noong dekada 1980, bahagi ito ng mga kundisyon ng pautang ng WB at International Monetary Fund (IMF). Ayon mismo sa WB, ang buwis tulad ng VAT ang pinakamadaling mapagkukunan ng kita ng estado dahil mahirap itong iwasan at ang mga nagbebenta ay nagiging tagakolekta rin ng buwis. Katunayan, naniniwala ang WB na kulang pa ang VAT at "may espasyo pa" para itaas ang kita sa VAT sa Pilipinas.

Sa kabila ng nakukolektang buwis mula sa masang anakpawis at petiburges, maliit na porsyento lamang nito ang napupunta sa serbisyong panlipunan tulad ng sa edukasyon at kalusugan o pondo para sa agrikultura. Nasa 20% naman ng kabuuang pondo ng gubyerno tauntaon ang napupunta lamang sa korapsyon o diretso sa bulsa ng mga burukrata-kapitalista. Ang malala ay ginagamit pa ang buwis sa pasismo ng estado sa pamamagitan ng pagbili ng mga armas, pagpondo sa NTF-Elcac at mga pasistang kampanya. AB

Malapyudal na pang-aapi sa mga magsasaka ng gulay sa Bukidnon at Lanao del Sur

Isang ektaryang lupa o mas maliit pa ang karaniwang sinasaka ng mga maralita at panggitnang magsasaka sa hangganan ng Bukidnon at Lanao del Sur. Karaniwan silang nagtatanim ng gulay tulad ng kalabasa, sili, repolyo, patatas, karots, kamatis, Baguio *beans*, atsal, talong at brokoli, at maging kamote at mais. Patung-patong na malapyudal na pang-aapi ang dinaranas nila, mula sa kawalan ng lupa, usura, mahal na gastos sa produksyon hanggang sa murang bentahan ng produkto.

Pagsasamantala sa produksyon

Dahil walang sapat na puhunan, karaniwan para sa mga magsasaka ang mangutang para sa produksyon. Pumapailalim sila sa mga kasunduan ng pautang sa mga lokal na "pinansyer" o usurero na may mapagsamantalang kaayusan at interes. Partikular sa mga gulayan, ang interes sa utang ay nasa anyo ng hatian sa kanilang kabuuang ani o kita.

Para sa mga magsasakang walang lupa, umiiral dito ang sistemang "meyntener." Sa ilalim nito, ang may-ari ng lupa (na umaaktong pinansyer) ay nagpapautang sa magsasaka para taniman ang lupang pinagagamit sa kanya. Ginagamit ang pautang para sa paghahanda sa lupa, binhi, abono, pestisidyo, *herbicide* at pagpapasahod sa manggagawang-bukid. Sa gayon, mag-isang binabalikat ng magsasaka ang gastos sa produksyon at pagtatrabaho.

Dagdag pabigat sa magsasaka ang pandaraya ng ilang pinansyer sa presyo ng mga *farm input* na pinauutang sa mga magsasaka. Sa isang kaso, pinepresyuhan ng pinansyer ang tig-₱1,100 na galon ng Roundup *herbicide* sa halagang ₱1,700.

Hindi miminsan ang pagkakataong nalulugi ang mga magsasaka ng gulay kung babagsak ang presyo ng bilihan sa produkto o matatamaan ng kalamidad. Dahil dito, nakatali sila sa siklo ng muling pag-utang sa pinansyer para sa susunod na taniman hanggang sa tuluyang malubog sa utang.

Pagsasamantala sa bentahan

Dinadala ang produktong gulay ng mga magsasaka sa Cagayan de Oro City, malayo mula sa mga taniman. Dinadala ito sa bagsakan ng gulay sa Barangay Bulua kung saan karaniwang itinatambak sa mga bodega ng mga pinansyer-*dealer* o mga *dealer*.

Sinisingil ang magsasaka ng ₱20 kada sako (100 kilo kada sako) sa pagdidiskarga ng kanilang produkto sa bodega. Nagbabayad rin sila ng ₱2.5-₱3 kada kilo (₱250-₱300 kada sako) bilang upa sa bodega sa mga *dealer* o sa ilang kaso ay 10% sa halaga ng benta sa produktong gulay.

Sa bagsakan, itinatakda ang presyo ng mga produktong gulay depende sa dagsa ng suplay at pihit ng bilihan. Walang kunsiderasyon ang mga *dealer* sa gastos ng mga magsasaka sa pagtatakda ng pangkalatahang presyo. Mga *dealer* din ang nagtatakda sa pamantayan ng pagpepresyo depende sa kalidad ng gulay. Sila rin ang nagtatakda ng presyo ng bentahan sa komersyante. Kung hindi maibebenta ng *dealer* ang produkto, ibinabalik ang mga ito sa magsasaka.

Sa bentahan ng atsal, halimbawa, ang kada kilo ng atsal na binili nang ₱50 sa magsasaka ay maaaring ibenta ng *dealer* sa komersyante sa halagang ₱70. Kung maibebenta niya ang 5,000 kilo ng atsal, kikita ang *dealer* ng ₱15,000 mula sa upa sa bodega, at ₱100,000 sa pagbebenta nito sa komersyante. Kikita siya ng *gross* o kabuuang ₱115,000, bago kaltasan ng pasahod sa trabahador at iba pang gastos.

Sa panig ng magsasaka, kikita lamang siya ng ₱250,000 sa 5,000 kilo. Kakaltasin dito ang gastos sa produksyon na ₱205,132.40 at matitira ang ₱44,867.60. Kung pumasok siya sa sistemang *financing* o *maintainer*, ang matitira lamang sa kanya ay ₱22,433.80.

Liban dito, malaki ang epekto sa presyo ng ismagling at mga kartel na kumokontrol at nagmamanipula sa suplay. Lalong hinihila pababa ang presyo ng lokal na produktong gulay tuwing bumabaha ang imported na gulay na pinahihintulutan ng gubyerno.

Bilang prodyuser ng pagkain, ginigiit ng mga magsasaka rito ang katiyakan sa lupang sinasaka; makatarungang presyo ng mga produkto at pagtatanggal ng iba't ibang paraan para baratin ang kanilang produkto. Panawagan rin nila ang makatarungang interes sa pautang; pagtaas ng sahod ng mga manggagawang-bukid at pagpapababa sa upa sa bodega o komisyon ng mga *dealer*. AB



Pamamaslang sa mga sibilyan at *hors de combat,* naitala sa Masbate, Leyte at GenSan

Sa nagdaang mga linggo, naitala ang limang biktima ng pampulitikang pagpaslang ng mga pwersa ng estado. Liban dito, mayroon ding mga kaso ng pag-aresto, pamamaril at panggigipit. Dagdag ang mga ito sa patung-patong na krimen ng rehimeng US-Marcos sa tatlong taon sa poder.

Sa Masbate, niratrat ng bala at napatay ng mga pwersa ng estado ang 25-taong gulang na sibilyang si Joey Oas sa Barangay San Carlos, Palanas noong Hunyo 29. Pinalabas siyang "nanlaban" at nakuhanan ng isang pistola, mga magasin at bala. Pinararatangan rin siyang myembro ng *sparrow* yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa Leyte, sadyang pinaslang ng 93rd IB at 802nd IBde ang dalawang *hors de combat* na myembro ng BHB at isang medik noong Hunyo 18 sa Barangay Cogon, Carigara. May sakit at nagpapagaling noon sina Juanito Selleca Jr (Ka Tibor/Ka Rey) at Sadam Paclita (Ka Dimple) nang salakayin at pagbabarilin ng mga sundalo. Pinaslang kasama nila si Lino Delante (Ka Dodong), isang medik na nag-aalaga sa mga pasyente. Hindi armado ang tatlo.

Sa General Santos City, pinagbabaril at napatay ng hindi pa nakikilalang mga tao si Ali Jejhon S. Macalintal, isang brodkaster sa radyo, noong Hunyo 23 sa Barangay Lagao. Si Macalintal, isang *transwoman*, ay naging aktibong kasapi ng mga progresibong grupo simula noong 2002. Noong 2024, nag-ulat si Macalintal na ginigipit at minamanmanan siya ng mga ahente ng ng Task Force Gensan. Ilang araw bago barilin, nakatanggap siya ng mga banta sa kanyang buhay.

Pag-aresto. Limang aktibistang pangkultura ang inaresto ng mga pwersa ng estado noong Hunyo 27 sa Barangay Pasong Buaya II, Imus, Cavite. Sa kasagsagan ng kanilang oplan pinta, sinundan sila, dinumog, pinagbantaan gamit ang baril, bago dinala sa *barangay hall*. Pansamantala silang nakalaya noong Hulyo 1 at kumakaharap sa mga kasong *malicious mischief* at bandalismo.

Pamamaril. Sa Negros Oriental, walang patumanggang nagpaputok ng baril ang mga "trigger happy" na sundalo ng 62nd IB sa Sityo Putat, Barangay Humay-humay sa Guihulngan City noong Hunyo 23.

Sa sumunod na araw, sapilitang pinasok ng mga sundalo ang bahay ni Bobby Gemodo sa Sityo Laos, Barangay Binobohan sa syudad para gipitin siya. Pinuntahan rin ng mga sundalo ang bahay ni Mario Noyad sa Sityo Natae, Barangay Binalbagan, Canlaon City para takutin at pagbantaan siya. AB

Tunay na kapayapaan, panawagan ng mga taong-simbahan at ibang sektor

GINANAP SA ROME, Italy noong Hunyo 27-28 ang "Pagtatanim: Sowing Seeds of Faith Solidarity for the Filipino People's Struggle for Peace," isang pagtitipon ng higit 70 kinatawan ng iba't ibang pananampalataya at mga grupo sa karapatang-tao mula sa 13 mga bansa. Isinagawa ito sa harap ng kagyat na pangangailangan para sa pagkakaisa sa hanay ng taong simbahan para suportahan ang pakikibaka ng mga Pilipino para sa kapayapaan.

Nagtipon rin ang mga kinatawan ng iba't ibang grupo at sektor sa ginanap na Mindanao-wide Peace Conference noong Hunyo 24 sa Cagayan De Oro City sa pangunguna ng Council of Leaders for Peace Initiatives. Panawagan nila na suportahan ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP na tutugon sa mga ugat ng armadong pakikibaka sa bansa.

Kilos protesta ng mamamayang Kenyan, marahas na binuwag

AABOT SA 16 na raliyista ang napatay at 400 iba ang nasugatan nang marahas na binuwag ng rehimeng US-Ruto ng Kenya ang mga protesta ng mamamayan noong Hunyo 25. Ang protesta ay bahagi ng paggunita sa serye ng dambuhalang mga demonstrasyon na inilunsad noong nakaraang taon laban sa neoliberal na panukalang Finance Bill 2024, tumitinding karahasan ng pulis at panunupil ng estado.

Matatandaang napaatras ng dambuhalang mga pagkilos noong 2024 ang rehimeng US-Ruto sa planong pagpataw ng mabibigat na buwis na dikta ng International Monetary Fund (IMF) na lalong magpapahirap sa masang Kenyan. Para tusong ilusot ang mga buwis, baha-bahagi itong ipinasa ng parlamento ng Kenya sa nagdaang taon.

Inilunsad ang mga pagkilos sa Nairobi, Mombasa, Kisii, at iba pang lunsod. Dala-dala nila ang bandila ng Kenya at sumigaw ng panawagang "Ruto Must Go" (Palayasin si Ruto) at "Occupy Statehouse" (Sakupin ang Statehouse o tirahan ni Ruto bilang pinuno ng gubyerno). Dala rin nila sa mga protesta ang mga larawan ng mga nasawi noong nakaraang taon sa karahasan ng pulis laban sa demonstrasyon.

Nagpahayag ng suporta at pakikiisa sa pakikibaka ng masang Kenyan ang International League of Peoples' Struggles Africa at West Asia Regional Committee. Hinimok nila ang mga Kenyan na higit pang magpursigi sa harap ng tumitinding panunupil.

"Wasto lamang na magpatuloy sa pag-oorganisa sa mga Kenyan at maglunsad ng mga aksyong masa para isulong ang panawagan para sa pambansang kalayaan at demokratikong karapatan," pahayag ng komite. Tulad sa ipinamalas ng malawakang demonstrasyon ng mamamayang Kenyan noong 2024, naniniwala ang ILPS na makakayanang itulak ng papalaking pagkilos ang rehimeng Ruto na iatras ang mga bulok nitong patakaran.